Canadian Security Intelligence Service
Service canadien du renseignement de sécurité

HINDI KLASIPIKADO



# Pinoprotektahana ng Pambansang Seguridad
## sa Pakikipagtulungan sa Mga Canadian

Isang ligtas, secure at masaganang Canada sa pamamagitan ng pinagkakatiwalaang talino, payo at pagkilos.

Canada





## ANO ANG BANTA?

- Nakakita ang CSIS ng pagtaas ng banta mula sa extremism, partikular na sa Ideologically Motivated Violent Extremism (IMVE). Kabilang dito ang paggamit ng mga online platform ng mga extremist para sa pagre-recruit, pagpo-proselytize, pagpa-fundraise, pagpapakalat ng may poot na pananalita at maling impormasyon, panghaharas, at pag-uudyok ng marahas na extremism.

- Mabilis na nagiging mas prominente ang paglalathala ng mga extremist na opinyon at mas naipapakalat ang mga ito sa mundo. Hindi hiwalay ang Canada sa trend na ito. Sa katunayan, may mga Canadian na aktibong naglalathala ng mga opinyong ito o naiimpluwensyahan ng mga ito.

- Pinagsasamantalahan ng mga marahas na extremist ng may anumang motibasyon ang mga krisis, sinasamantala nila ang takot ng publiko, kawalan ng tiwala at pagkabagabag para mapalakas ang mga pagsisikap sa radikalisasyon at pag-uudyok ng mga marahas na pagkilos. Nagbigay-daan ang social media at pandaigdigang connectivity sa paglalathala ng mga extremist na opinyon na mas mabilis at mas malayo ang pagkalat, na nagpapalakas ng mga mali at nakakalitong mensahe.

- Gumamit na ang mga marahas na extremist na organisasyon ng mga conspiracy theory tungkol sa pandemya sa pagtatangkang pangatwiranan at pagdahilanan ang karahasan. Nagbigay-daan ang pagkalat ng mga conspiracy theory na ito ng mga pagsisikap na ito na masira ang tiwala sa integridad ng pamahalaan at kumpiyansa sa siyentipikong kadalubhasaan. Bagama't ang ilang paraan ng pagtatalakay sa mga conspiracy theory ay mga lehitimong paraan ng malayang paghahayag, tumataas ang pag-aalala sa online na paghahayag ng mga opinyon na mas nagiging marahas at panawagan sa pag-aresto at pagpatay sa mga partikular na indibidwal.

- Maraming mukha ang banta, mayroon itong mga aspetong panseguridad, ekonomiko, politikal, panlipunan, at teknolohikal, at nangangailangan ito ng tugon na may marami ring mukha.

## MGA URI NG EXTREMISM

**Ideologically Motivated Violent Extremism**

Hinihimok ang mga nagpasimula ng ideologically motivated violent extremism (IMVE) ng hanay ng mga impluwensya sa halip na isang sistema ng paniniwala. Ang radikalisasyon ng IMVE ay mas madalas na dulot ng kombinasyon ng mga ideya at karaingan na nagreresulta sa naka-personalize na pagtingin sa mundo na pinukaw ng iba't ibang source. Kabilang sa IMVE ang karahasan na inuudyukan ng gender, xenophobia, oposisyon sa awtoridad at ng iba pang karaingan.

**Politically Motivated Violent Extremism**

Hinihikayat ng politically motivated violent extremism (PMVE) ang paggamit ng karahasan para bumuo ng mga bagong politikal na sistema, o bagong istruktura at pamantayan sa loob ng mga dati nang sistema.

**Religiously Motivated Violent Extremism**

Hinihikayat ng religiously motivated violent extremism (RMVE) ang paggamit ng karahasan bilang bahagi ng ispiritwal na pakikibaka laban sa isang sistemang itinuturing na imoral ng mga tagasunod. Naniniwala ang mga tagasunod na ang pagliligtas ay makakamit sa pamamagitan ng karahasan.

*Maaaring mag-overlap ang mga kategoryang ito, dahil madalas na lumalabas ang mga extremist na opinyon mula sa mga personal na karaingan ng isang indibidwal. Ang mga klasipikasyon na ito ay mula sa mga depinisyon ng marahas na extremism sa S. 83.01 ng Canadian Criminal Code at ng S.2(c) ng CSIS Act.





# PAGTUON SA SA IDEOLOGICALLY MOTIVATED VIOLENT EXTREMISM (IMVE)

- Hinihimok ang mga nagpasimula ng IMVE ng hanay ng mga impluwensya sa halip na isang sistema ng paniniwala. Ang radikalisasyon ng IMVE ay mas madalas na dulot ng kombinasyon ng mga ideya at karaingan na nagreresulta sa naka-personalize na pagtingin sa mundo na pinukaw ng iba't ibang source kabilang ang mga libro, video, online na talakayan, at pag-uusap. Ang nagreresultang pagtingin sa mundo ay kadalasang nakatuon sa kagustuhang mag-udyok, magbigay-daan, o magmobilisa ng mga tao para magsagawa ng marahas na kilos.

- Lalo na sa panahon ng pandemya, mas lumala ang banta ng IMVE kasabay ng pag-abuso ng mga grupo ng white supremacist (taong naniniwalang nakatataas ang mga puti) at anti-government (taong laban sa pamahalaan) sa mga takot ng mga tao tungkol sa mga hakbang sa lockdown para sa kaligtasan ng publiko at mga mandato sa bakuna para mag-udyok ng galit, hindi pagkakasundo, at karahasan. Bagama't maaaring hindi isaalang-alang ng mga indibidwal na naghahayag ng karahasan o mga extremist na opinyon ang pagsasagawa ng mga marahas na kilos, maaaring alam o hindi nila alam na naiimpluwensyahan nila ang ibang indibidwal - na maaaring madaling maimpluwensyahan ng mga opinyon na nananawagan ng karahasan - na magsagawa ng naturang kilos.

- Isang karaniwang tema sa mga indibidwal at maliliit na cell (online at sa totoong buhay) ay ang paniniwalang kailangan ang karahasan para sa tagumpay o kaligtasan ngpanlipunan/sibilisasyon. Madalas na mayroong mga overlap sa pagitan ng gma uri ng karahasan na inuudyukan ng xenophobia, racism, gender, oposisyon sa awtoridad o iba pang karaingan. Halimbawa, hindi pantay ang pag-target ng anti-Asian racism at karahasan sa mga babaeng Asian. Maaaring maudyukan ang mga nagpasimula ng IMVE ng iba't ibang isyu gaya ng mga hakbang sa pampublikong kalusugan, kalikasan o mga tunggalian sa ibang bansa.

- Ang IMVE ay isa ring sintomas ng mas malaking trend ng fragmentation (pagkakawatak-watak) at polarization (pagkakahati-hati) sa Canada, na nag-uugat sa mga sosyoekonomikong karaingan at pinalala ng mga partikular na mahalagang salik: mga online na "echo chamber" na nagpapalakas sa baluktot na pagtingin sa mundo; pangkalahatang pagod at pagkahapo sa mga sosyoekonomikong problema na dulot ng Covid-19, gaya ng kawalan ng kita at panlipunang paghihiwalay; at paghahayag ng mga politikal na opinyon na nakatuon sa pagdudulot ng paghahati.

- Mula 2014, nagresulta ang mga atakeng nauugnay sa IMVE sa 26 pagkamatay at higit 40 sugatan sa Canada.






## PAANO NITO NAAAPEKTUHAN ANG MGA KOMUNIDAD?

- Ang extremism sa lahat ng porma ay may banta sa kaligtasan at seguridad ng mga Canadian at sa ating lipunan. Kung tutuusin, ang marahas na extremism at terorismo ay mga pagtanggi sa mga demokratikong halaga ng pagpapaubaya, paggalang, ingklusyon, at diversity. Mas madalas na nararanasan ang epekto ng mga bantang ito sa ng mga taong nasa mga komunidad ng may kulay at iba pang grupo na nakaranas ng pagtulak sa mga laylayan ng lipunan.

- Ang pagpapakalat ng mga marahas na opinyon at ang manipulasyon at propagasyon ng impormasyon ay maaaring makasira sa tiwala at kumpiyansa sa ating mga demokratikong sistema at institusyon, at makapag-polarize ng mga komunidad.

- Sa mga nakaraang taon, may pagnonormalisa o pagpasok sa mainstream ng lipunan ng paghahayag ng mga opinyon gaya ng mga ito, at sinisira nito ang katatagan at pagkakaisa ng lipunan. Ang pagtaas ng banta na dulot sa ating mga komunidad at sa lipunan at mga institusyon ang nagpapataas ng pagiging agarang bumuo ng mga komunikasyon sa pagitan ng pamahalaan at mga komunidad na naapektuhan para mangasiwa ng kolektibong tugon.



- Ang mga marahas na extremist na kilos ay may mabilis at pangmatagalang ekonomikong epekto. Ang mga pangmatagalang ekonomikong gambala ng extremism at maaaring may epekto sa mga indibidwal, komunidad at lipunan.

## MAHALAGA ANG MGA SALITA

- Kinikilala ng CSIS ang halaga ng terminolohiya kapag tinatalakay ang mga banta sa pambansang seguridad. Nagkaroon ng mahalagang tungkulin ang CSIS sa pagbuo ng bagong terminolohiya para palitan ang "right-wing" at "left-wing" na extremism na mas tugma ang mga paglalarawan sa mas malawak na hanay ng mga marahas na ideyolohikal na banta na kinakaharap ng Canada. Mas nakukuha ng bagong terminolohiya – gaya ng inilarawan dito - ang kumplikadong pananaw ng bantang ito.

- Isa sa mga dahilan na nagbago ang terminolohiyang ito ang pagbibigay ng batayan ng diyalogo sa mga komunidad na negatibong nakaapekto sa naunang wika. May mandato ang CSIS na protektahan ang kaligtasan at seguridad ng lahat ng Canadian, at kinikilala nito na ang diyalogo, pagtutulungan at tiwala ng mga komunidad ng Canada ay mahalaga sa pagkamit ng ating mga operasyonal na layunin.

- Naiiwasan din ng mga pagbabagong ito ang pag-stigmatize sa anumang partikular na komunidad o grupo at sinasalamin din nito ang pangako ng CSIS na maglapat ng interseksyunal na lente sa mga operasyonal at pampatakarang pasya para matukoy at mabawasan ang mga hindi inaasahang epekto.





## MGA PAHIWATIG NG RADIKALISASYON O MOBILISASYON

**Mga Pahiwatig ng Radikalisasyon:**

- Pakikipag-ugnayan sa mga taong nagsusulong ng marahas na extremist na ideyolohiya o kilusan, online o harapan.
- Mga pahayag na sumusuporta ng teroristang ideyolohiya, kilusan o grupo.
- Paglaban sa mga sumasalungat sa marahas na extremist na ideyolohiya, kilusan o grupo.
- Pagkonsumo ng extremist media o paglahok nito.
- Pagkahumaling sa karahasan o dating mga pagkilos ng terorismo.

**Mga Pahiwatig ng Mobilisasyon:**

- Mga pagbabago sa karaniwang ugali nang walang maliwanag na dahilan (nauugnay man ang mga pagbabagong ito sa mga aktibidad o emosyonal na kalagayan).
- Mga mas nagiging partikular na banta o pagpapaplano ng aktibidad.
- Pananaliksik o paghahanda sa pagbiyahe.
- Pagmamatyag sa mga target o pagsubok sa seguridad sa isang target na lokasyon.

## ANO ANG GINAGAWA NG PAMAHALAAN NG CANADA PARA TUGUNAN ITO?

Binabalangkas ng National Strategy on Countering Radicalization to Violence ang tatlog priyoridad:

1. **Pagbuo, pagbabahagi at paggamit ng kaalaman;**
2. **Pagtugon sa radikalisasyon na humihikayat ng karahasan sa online space; at,**
3. **Pagsuporta sa mga pamamagitan.**

- Sinusuportahan ng CSIS ang estratehiyang ito at ang gawa ng (Canada Center for Community Engagement and Prevention of Violence), para isulong ang koordinasyon at kolaborasyon nang may hanay ng mga paglahok para tumugon sa mga nasa lokal na antas na reyalidad at maiwasan ang radikalisasyon. Kabilang sa mga pagtutulungang ito ang lahat ng antas ng pamahalaan, komunidad, mga organisasyon ng komunidad, front-line worker at practitioner, akademiko, at pagpapatupad ng batas. Nagsisilbi ang mga pagtutulungan na ito sa pagpapataas ng katapatan at pananagutan.
- Sumasanding ang matibay na demokrasya sa mga Canadian na magkaroon ng access sa diverse at maaasahang source ng balita at impormasyon para makabuo sila ng mga opinyon, pinapanagot nito ang mga pamahalaan at mga indibidwal at lumalahok ito sa pampublikong debate.
- Bilang tugon sa pagdami ng mali, misleading at nakakasakit na maling impormasyon na inilalathala online at sa pamamagitan ng social media, nakakatulong ang Digital Citizen Initiative ng Pamahalaan ng Canada na magbigay ng mga kasangkapan at kakayahan sa mga mamamayan na kailangan para sa kritikal na pagtatasa ng online na impormasyon – kabilang ang extremist na content.
- Bilang karagdagan sa nasa itaas, isinasaad ng ***Criminal Code*** ang isang sistema ng paglilista ng mga teroristang organisasyon na nagbibigay ng ibang kasangkapan para sa paglaban sa terorismo at marahas na extremism. Mula 2020-2021, naglista ang Pamahalaan ng anim na extremist na grupo na inuudyukan ng ideyolohiya.



## ANO ANG TUNGKULIN NG CSIS?

- Patuloy na mahigpit na sinusubaybayan ng CSIS ang pabago-bagong banta mula sa mga marahas na extremist at maaari itong magdulot ng iba't ibang kasangkapan ng pambansang seguridad kung kailangan.
- Iniimbestigahan ng CSIS ang mga aktibidad na hinihinalang banta sa seguridad ng Canada ayon sa inilalarawan sa seksyon 2 ng CSIS Act. Nang may patungkol partikular na sa mga banta ng IMVE, nais tukuyin ng CSIS: kung may banta ng malalang karahasan at kagustuhang bigyan ng inspirasyon ang iba na pumatay; kung inuudyukan ng ideyolohiya ang mga pagkilos; at kung sinusubukan ng mga nauugnay na magdulot ng panlipunang pagbabago.
- Lubos na nakikipagtulungan ang CSIS sa mga partner nito para maunawaan ang pagbabago ng pananaw g extremist at papausbong na banta para nakatuon ito sa pagbibigay ng mga pagtatasa at payo para sumuporta ng pagkilos, kabilang ang pagpapatupad ng batas kapag naaangkop.
- Ang CSIS ay may hanay ng mga opsyon sa tugon na available kabilang ang:
  - Pagdudulot ng Kamalayan at Pakikipag-ugnayan
  - Pagsusuri
  - Imbestigasyon
  - Pagbabawas ng Banta
  - Payo sa Pamahalaan
  - Pakikipagtulungan sa Nagpapatupad ng Batas
- Ang CSIS ay nakatuon sa pagpapalawak ng diyalogo sa lipunang sibil at mga organisasyon sa komunidad upang makatulong sa pagbuo ng pambansang katatagan at matuto sa mga karanasan ng mga grupo ng komunidad na lubos na apektado ng banta ng IMVE.






## ANG INTEGRATED TERRORISM ASSESSMENT CENTRE (ITAC)

Ang ITAC ay isang pederal na organisasyon na responsable sa pagtatasa ng mga bantang nauugnay sa terorismo sa Canada at mga interes ng Canada. Nasa iisang lokasyon ito ng headquarters ng CSIS at pinapatakbo sa ilalim ng mga probisyon at awtoridad ng CSIS Act.

Bumubuo ang ITAC ng mga pagtatasa ng banta sa iba't ibang antas ng klasipikasyon na batay sa klasipikado at bukas na source ng impormasyon. Ibinabahagi ang mga produktong ito sa mga internasyunal at domestikong partner, kabilang ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas. Kasabay nito, sinusuportahan ng mga pagtatasa ang operasyonal at estratehikong pagpapasya.

May tatlong pangunahing linya ng operasyon ang ITAC:

1. **Pag-uulat ng mga banta ng terorismo sa Canada;**
2. **Pagtatasa at pagrerekomenda ng Antas ng Pambansang Banta ng Terorismo (National Terrorism Threat Level o NTTL) para sa Canada; at**
3. **Pagtatasa at pagtatakda ng mga antas ng banta ng terorismo laban sa mga interes ng Canada sa buong mundo.**

## ANONG MAGAGAWA NAMIN?

- Ang kahalagahan ng pangingialam sa lipunang sibil sa isang kumprehensibo at multidimensyonal na tugon sa banta ng terorismo at marahas na extremism ay binigyang-diin ng mga nangungunang mananaliksik, mambabatas, at practitioner na pinag-aaralan at nilalabanan ang bantang ito
- Natukoy ng mga eksperto ang dalawang kritikal na elemento ng matagumpay na tugon sa extremism kabilang ang: edukasyon at mga matatag na komunidad.
- Kailangan sa paglaban sa bantang ito sa pambansang seguridad ng Canada ang isang pinagsama-sama at nakatugmang pagsisikap ng mga intelligence service, nagpapatupad ng batas sa pakikipagtulungan at konsultasyon sa mga sibikong lider at mga lider ng komunidad. **Dapat tayong magtulungan nang may parehong layunin at daang para sa buong lipunan para protektahan ang ating bansa at mga komunidad laban sa mapanlinlang na banta.**
- Ang kumplikadong isyu na ito ay isang panlipunan at sistematikong problema na nangangailangan ng holistikong tugon na nauugnay sa lahat ng elemento ng lipunang sibil. Sinisira ng bantang ito ang ating panlipunang pagkakaisa at nagbabanta sa mga komunidad ng Canada. Lubos na mapapaganda ng mga partnership at diyalogo ang pagiging epektibo ng aming tugon sa bantang ito at pinapagtibay ng ating kolektibong katatagan.
- Ipinapangako ng CSIS na makikipagtulungan ito sa publiko. Nagbibigay-daan sa amin ang mahigpit na pakikipagtulungan sa mga komunidad at ating mga partner sa pamahalaan sa buong bansa na epektibong matugunan ang aming mandato at pangako na panatilihing ligtas ang **lahat** ng Canadian.

## ANG CSIS BILANG PINAGKAKATIWALAANG PARTNER

Patuloy na nagsasagawa ang CSIS ng mga hakbang para mapaganda ang diversity, pagkakapantay-pantay at ingklusyon sa loob ng organisasyon at matugunan ang sistematikong racism, bias at diskriminasyon. Sinusuportahan ng pampublikong paghahayag sa mga hakbang at progreso na ito ang katapatan, pagiging bukas at pananagutan. May pananagutan ang CSIS sa publiko, na may seguridad na pinoprotektahan namin, at nagsisikap kami na tiyaking nasasalamin ng ating lakas-paggawa ang diversity ng Canada.

Nangangako ang CSIS sa pagtatag sa sarili nito bilang pinagkakatiwalaang partner para sa mga komunidad ng Canada at pagtatatag sa mga pagtutulungan na iyon sa pamamagitan ng diyalogo, kapwa respeto, at katumbas na kilos.



## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Para mag-ulat ng impormasyon na nauugnay sa pambansang seguridad pero hindi isang agarang banta, mangyaring makipag-ugnayan sa CSIS sa pamamagitan ng telepono sa **613-993-9620** 24/7 o bisitahin ang aming website:

Canadian Security Intelligence Service - Canada.ca
https://www.canada.ca/en/security-intelligence-service.html

Ang CSIS ay hindio isang ahesya ng pagpapatupad ng batas. Para mag-ulat ng **agarang banta** sa pambansang seguridad, pakitawagan ang **911** o sa iyong lokal na departamento ng pulis.

Para magtalakay ng pakikipag-ugnayan, outreach at diyalogo sa pagitan ng iyong komunidad o organisasyon at CSIS, pakitawagan ang Academic Outreach & Stakeholder Engagement program sa **AO-LR@smtp.gc.ca** o ang iyong lokal na rehiyunal na CSIS liaison team.

ISBN: 978-0-660-45142-8
Numero ng catalogue: PS74-18/2022Tgl-PDF
© Ang Mahal na Reyna bilang Pinuno ng Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan, 2022
Source ng Mga Larawan: © Getty Images
Also available in English, French and other languages. Aussi disponible en anglais, français et autres langues.